

Mga Kinakailangang Aktibidad sa Trabaho ng CalFresh:

Ano ang kinakailangan mong malaman para mapanatili ang inyong mga benepisyo.



May bisa simula April, 1, 2020, suspendido ang ilang alituntunin ng Programang CalFresh hanggang magbigay muli ng abiso. Ang mga tumatanggap ng CalFresh mula sa edad ng 18 - 49 gulang na walang anak sa bahay ay pansamantalang hindi tumugon sa mga kinakailangan sa trabaho ng Pederal. Ang alituntuning Pederal ay kilala bilang sa Able-bodied adults without dependents (ABAWD, mga walang kapansanan nasa hustong gulang na walang naka depende).

Pagpapanatili ng Iyong mga Benepisyo sa CalFresh

Makipag-ugnayan sa Human Services Agency (HSA) para malaman kung paano makakaapekto ang mga alituntunin na ito sa iyong mga benepisyo at kung anong kinakailangang gawin para mapanatili ang CalFresh.

Tumawag sa (415) 558-4700

Matutulungan mo rin kaming matukoy ang katayuan ng iyong mga benepisyo sa pamamagitan ng pagkumpleto sa Pagsuri sa Kliyente, na makikita sa www.SFHSA.org/CalFreshWorkRules, o tumawag para humiling ng kopya.

Mga Eksemplasyon sa Kinakailangan sa Trabaho

Maaari kang malibre para tumupad sa mga kinakailangan sa trabaho kung isa ka sa mga sumusunod:

- Nagdadalangtao
- May kasambahay na bata na wala pang 18
- Kumikita ng hindi baba ng \$218 sa isang linggo
- Nag-aalaga ng bata na wala pang 6 taong gulang o sinumang may sakit o may kapansanan
- Nag-aaplay o tumatanggap ng benepisyo para sa pagkawala ng trabaho
- Nag-aaplay o tumatanggap ng mga benepisyo para sa may kapansanan o beteranong may kapansanan
- Pumapasok sa paaralan o nasa pagsasanay para sa trabaho
- Nagboboluntaryo nang hindi baba ng 20 oras bawat linggo
- May pisikal, sa isip o emosyonal na kapansanan na hadlang sa inyong magtrabaho

Pagtupad sa mga Kinakailangan sa Trabaho ng CalFresh

Kung hindi ka makalibre sa pagtrabaho, kakailanganin mong lumahok sa mga aprubadong aktibidad para patuloy na matanggap ang mga benepisyo ng CalFresh. Maaari mong matupad ang mga kinakailangan sa pamamagitan ng paggawa sa isa o kombinasyon ng mga sumusunod:

- Pagtrabaho nang hindi baba ng 20 oras bawat linggo, maghumigit-kumulang ng 80 oras bawat buwan
- Pagsasanay sa trabaho
- Pagboboluntaryo o pag-serbisyo sa komunidad nang 20 oras bawat linggo na pagsasanay sa Pagtrabaho
- Paglahok sa workfare na isinaayos ng HSA, nang mas mababa sa 20 oras bawat linggo

Interesado sa mga trabaho o training? Makakatulong kami! Tumawag sa amin sa (415) 558-4700.

Kailangan ng tulong o may mga tanong?

Nakatuon ang HSA na tumulong sa lahat ng kwalipikadong residente ng San Francisco na mapanatili ang mga benepisyo ng CalFresh.

Tumawag sa: (415) 558-4700 (8am - 5pm, Lunes - Biyernes)

Email: food@sfgov.org

Online: www.SFHSA.org/CalFreshWorkRules

